

Bakit ang ilang mga bakuna sa COVID-19 ay kailangan ng dalawang dosis



Ang mga bakuna ay ginagamit na sa pampublikong kalusugan sa ilang dekada. Bawat bakuna na nabuo ay **pinag-aralan ng maigi** at sinadya para sa sakit na sinusubukan nitong maiwasan.

Ang ilang mga bakuna ay kailangang 1 turok o dosis. Ang iba, tulad ng ilan sa kasalukuyang mga bakuna sa COVID-19, ay kailangang **2 turok** para makuha ang pinakamabuting pagkaepektibo nito. Ang ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay **mahalaga** para **protektahan ang ating sarili at ating mga mahal sa buhay**.

Bakit Mahalagang Makuha ang Bawat Dosis?

1

- Ang **UNANG DOSIS** ay ibinibigay bilang turok sa braso.
- Natutulungan nitong magsimula ang mga selyula na gumawa ng antibodies.
- Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga selyula na gumawa ng hindi masasamang protinang spike.
- Ang protinang spike ay nagsasabi sa immune system na gumawa ng antibodies.
- Ang unang dosis ay nagbibigay ng ilang proteksyon mula sa COVID-19.

2

- Ang **IKALAWANG DOSIS** ng bakuna ay tinuturok din sa kalamnan ng braso.
- Ito ay may parehong pormula tulad ng unang dosis.
- Itong pangalawang bakuna ay nagbibigay sa immune system ng mas maraming pagkakataong labanan ang virus.
- Sa pamamagitan ng pagkuha ng pangalawang dosis, ang katawan ay lumalakas din para makagawa ng mas maraming antibodies.

Ang Pinakamataas na Antas ng Proteksyon

Ang **proteksyon mula sa COVID-19 ay mahalaga** dahil, para sa ibang tao, ang virus ay maaaring maging sanhi ng malubhang sakit o kamatayan. Ang pagkuha ng bawat dosis ay nakakapagpataas ng tsansa na ang mga tao ay magkaroon ng sapat na antibodies para protektahan sila. Habang parami ng parami ang naprotektahan ng bakuna, ang pagkalat ng COVID-19 ay hihina.



Karamihan sa mga bakuna sa COVID-19, ang mga dosis ay ibinibigay ng mga 3 hanggang 4 na linggong pagitan.

3

hanggang

4

Pagkatapos ng unang dosis, ang mga tao ay makakakuha ng kard na may impormasyon na aling bakuna ang natanggap nila at kung kailan makukuha ang pangalawang dosis.

